## Protektahan ang Iyong Anak Laban sa Diskriminasyon

Labag sa batas ayon sa ilalim ng Race Discrimination Ordinance para sa anumang establisyimento ng edukasyon na nagpapakita ng diskriminasyon laban sa iyong anak dahil sa lahi sa alinman sa mga sumusunod na paraan:

- ☑ Mga tuntunin sa pagtanggap nila sa iyong anak
- ☑ Pagtangging tanggapin ang iyong anak
- ☑ Pagpapaalis sa iyong anak o sa ibang paraan na paglalagay sa kanya sa posisyong nadedehado
- ☑ Pagtanggi na makagamit sa anumang benepisyo, pasilidad o mga serbisyo na ibinibigay nila sa ibang mga mag-aaral
- ☑ Pagtrato sa iyong anak sa ibang paraan na naglalagay sa kanya sa posisyong nadehado

Labag din sa batas para sa anumang establisyimento ng edukasyon, mga guro o mag-aaral na gipitin ang iyong anak dahil sa lahi.

*Ano ang magagawa ko kung tanggihan ng paaralan ang aking anak dahil sa kanyang lahi?*

*Ano ang magagawa ko kung ginawan ng diskriminasyon ang aking anak sa paaralan?*

Maaaring ihain ang isang reklamo sa EOC sa loob ng 12 buwan ng kaganapan ng insidente. Ang EOC ay, kung saan naaangkop, magsasagawa ng pagsisiyasat at magsusumikap na ayusin ang reklamo sa paraan ng pagkakasundo. Maaari ka ding magsagawa ng legal na pagkilos sa ilalim ng Race Discrimination Ordinance.



Maaari kang makipag-ugnay sa EOC para sa mga pagtatanong. May makukuhang tulong sa wika kung hihilingin.


**Equal Opportunities Commission (EOC)**

Address: 16/F., 41 Heung Yip Road, Wong Chuk Hang, Hong Kong

Mga Pagtatanong: 2511-8211

Fax: 2511-8142

Email: eoc@eoc.org.hk

Website: www.eoc.org.hk


**2511-8211**



## Suportahan ang Iyong Anak


- ☑ Alamin ang mga karapatan ng iyong anak sa edukasyon
- ☑ Tawagan ang Regional Education Office para sa impormasyon at payo
- ☑ Alamin ang mga serbisyo ng suporta sa wika sa paaralan ng iyong anak
- ☑ Kausapin ang mga guro at punong-guro tungkol sa pag-aaral ng iyong anak
- ☑ Pakinggan ang iyong anak at alamin ang kanyang mga hirap sa paaralan
- ☑ Humingi ng tulong mula sa EOC kung naharap sa diskriminasyon

## Regional Education Offices




## Pagkatapos ng Sekondarya/Mas Mataas na Edukasyon(Post-secondary/higher education)

Mga mapagpipilian para sa mga mag-aaral na nakakumpleto ng sekondaryang edukasyon at nais magpatuloy:




* Isinasaalang-alang ng mga institusyong pinopondohan ng UGC ang mga alternatibong kwalipikasyon sa wikang Chinese (gaya ng GCSE, IGCSE) para sa mga aplikante ng JUPAS sa ilalim ng mga tinutukoy na pagkakataon.

## Mga Kapaki-pakinabang na Ugnayan (Link) at Matatawagan

☆ **HKCS CHEER Centre — Mga Serbisyo ng Interpretasyon at Pagsasaling-wika**
Tel : 3755-6811
Website : http://www.hkcs.org/gcb/cheer

☆ **Mga Serbisyo sa Edukasyon para sa mga Mag-aaral ng NCS**
Website : http://www.edb.gov.hk/ncs

☆ **Profile ng Mga Kindergarten at Kindergarten-cum-Child Care Centre**
Website : http://www.chsc.hk/kindergarten/en

☆ **Mga Listahan ng Paaralan sa Distrito**
Website : http://www.edb.gov.hk/index.aspx?nodeid=480&langno=1

☆ **Seksyon ng Pagtatalaga ng Mga Lugar ng Paaralan ng Education Bureau**
Tel : 2832-7740, 2832-7700
Website : http://www.edb.gov.hk/index.aspx?nodeid=1496&langno=1



# Edukasyon para sa lahat

## Ang kailangan mong malaman tungkol sa edukasyon ng iyong anak sa Hong Kong



平 等 機 會 委 員 會
EQUAL OPPORTUNITIES COMMISSION

Translation in Tagalog (2011)

Ang edukasyon ay susi sa kinabukasan ng ating mga anak. Ang polyetong ito ay nagbibigay sa iyo ng maikling pangkalahatang-ideya sa sistema ng edukasyon sa Hong Kong. Ipinapaliwanag din nito kung paano mo mapoprotektahan ang iyong anak sa diskriminasyon sa edukasyon sa ilalim ng Race Discrimination Ordinance.



## Bago-magprimarya (Pre-primary) na edukasyon

Ang bago-magprimarya na edukasyon para sa mga batang may edad 3 hanggang 6 ay ibinibigay ng mga kindergarten at sentro ng paalagaan ng bata na pribadong pinatakbo. Ang mga pagtanggap-na-makapasok sa mga kindergarten ay dapat na direktang asikasuhin ng mga magulang sa mga indibidwal na paaralan. Makukuha ang tulong-sa- bayarin sa pamamagitan ng mga sumusunod na pamamaraan:

☆ Pagbabayad sa Kindergarten at Child Care Centre (isasailalim sa pagsusuri ng kakayahan)


☆ Voucher ng Bago-magprimaryang Edukasyon (Pre-primary Education Voucher) (magagamit ng lahat ng batang papasok sa mga kwalipikadong kindergarten)

*Mayroon akong 3 taong gulang na anak sa bahay, panahon na ba upang pumasok siya sa kindergarten?*



*Magiging 6 na taong gulang na ang aking anak sa susunod na taon, paano namin siya ipapasok sa isang pangprimaryang paaralan?*





## Ang mga paaralan sa biglang tingin...

May anim na uri ng paaralan:

☆ Mga paaralan ng pamahalaan

☆ Mga Aided (pag-aari ng samahang pangrelihiyon na pinondohan ng pamahalaang estado) na paaralan

☆ Mga Direct Subsidy Scheme (DSS) (may-tulong ng gobyerno sa matataas na kalidad na paaralang pribado) na paaralan

☆ Mga pribadong paaralan

☆ Mga English School Foundation (ESF) (pinondohan ng pamahalaan para sa mga nagsasalita ng Ingles na mga estudyanteng hindi makagamit ng lokal na sistema) na paaralan

☆ Mga pang-international na paaralan

Ang mga paaralan ng pamahalaan, aided na paaralan at ilang DSS at pribadong paaralan ay nag-aalok ng lokal na curriculum. Ang iba ay nag-aalok ng ibang curricula alinsunod sa mga indibidwal na misyon.

## Primaryamg edukasyon

Ang 6 na taong primaryang edukasyon ay kinakailangan para sa mga batang may edad 6 hanggang 12. Libre ito sa mga paaralan ng pamahalaan at mga paaralang aided.

Ang pasadyang mga materyales sa pagtuturo at pag-aaral ay makukuha sa mga paaralan na may mga mag-aaral na hindi nagsasalita ng Chinese upang tulungan ang kanilang pag-aaral ng Chinese.

Mayroon ding maraming paaralan (sa primarya at sekondarya) na may kritikal na dami ng mga mag-aaral na hindi nagsasalita ng Chinese ("itinalagang mga paaralan"). Ang mga paaralang ito ay binibigyan ng pinahusay at nakatuong suporta upang mapahusay ang pagkatuto at pagtuturo sa mga mag-aaral na ito na nahihirapang mag-aral gamit ang salitang Chinese .

**Tumawag sa 3540-7447 para sa mga serbisyo ng tulong para sa mga mag-aaral na hindi nagsasalita ng Chinese. Tumawag sa 2891-0088 para sa anumang usaping kaugnay ng pagpasok sa paaralan.**




## Sekondaryang edukasyon

Ang 3 taong junior secondary education ay kinakailangan para sa mga batang may edad 12 hanggang 15. Ang 3 taong senior secondary education ay makukuha para sa mga gusto ng higit pang edukasyon.


Ang 6 na taong sekondaryang edukasyon ay libre sa mga paaralan ng pamahalaan at mga aided na paaralan.

Ang mga mag-aaral na nais makatanggap ng bokasyonal na pagsasanay matapos ang junior secondary ay maaaring sumali sa mga kursong pina-patakbo ng Vocational Training Council.







## Pagtanggap sa primarya uno




*Kadarating lang namin sa Hong Kong, paano namin ma-e-enroll ang aming 14 na taong gulang na anak sa isang paaralang sekondarya?*



## Pagtanggap sa sekondarya uno




## Mga programa ng suporta/serbisyo para sa mga batang hindi nagsasalita ng Chinese na nasa edad ng pag-aaral

☆ Mga Programa ng Pagpapasimula — isang buong- panahon (full-time) na 6 na buwang programa, kabilang ang pagsasanay sa wika at kultura para sa bagong dating o bumabalik na mga batang hindi nagsasalita ng Chinese bago pa sila pumasok sa paaralan

☆ Induction Programme — isang 60 oras ng karagdagang programa para sa bagong dating o bumabalik na mga batang hindi nagsasalita ng Chinese na pumapasok na sa mga paaralan

☆ Chinese Language Learning Support Centre — nagbibigay ng mga programang pangremedyo (remedial program) matapos ang oras ng klase o tuwing piyesta-opisyal para sa mga mag-aaral na hindi nagsasalita ng Chinese, lalo na iyong huli nang natuto ng wikang Chinese

☆ Mga Serbisyong pang- Edukasyon para sa Mga Batang may Espesyal na Mga Pangangailangan sa Edukasyon — may makukuhang pagtatasa at paglalagay sa espesyal na paaralan; makukuha rin ang naaangkop na mga programa ng suporta para sa mga batang hindi nagsasalita ng Chinese